



## PAGPUTOL SA RESIDENSYAL NA SERBISYO NG TUBIG

### 2.3.2. PAGPUTOL SA SERBISYO NG DISTRITO

Para sa lahat ng residensyal na customer, susubukan ng Distrito sa makatwirang paraan na magkaloob ng hindi bababa sa 48 oras na abiso sa pamamagitan ng telepono o nang personal. Para sa mga customer na ito, kung hindi maisasagawa ang pakikipag-ugnayan sa telepono o nang personal, isang abiso ng pagputol ang ipapaskil sa isang kitang-kitang lokasyon sa siniserbisyuhang address nang hindi bababa sa 48 oras bago ang pagputol.

Sa serbisyong ipinagkakaloob sa mga pangkomersyong gumagamit, pagsusumikapan ng Distrito nang may mabuting layunin na ipaalam sa mga gumagamit sa pamamagitan ng telepono, nang personal o sa pamamagitan ng isang abiso kapag ang account ay hindi pa nababayaran na puputulin ang serbisyo sa loob ng 48 oras. Ang 48-oras na abiso sa pagputol ng serbisyo ay ipapaskil sa isang kitang-kitang lugar ng pangkomersyong yunit.

Maliban sa kung saan isinagawa ang mga kaayusan sa espesyal na pagbabayad, isang 48-oras na abiso sa pagputol ng serbisyo ang ibibigay bago maisagawa ang pagputol ng serbisyo.

Ang residensyal o hindi residensyal na serbisyo sa customer ay maaaring putulin dahil sa hindi pagbabayad ng bill para sa residensyal na serbisyong dating ipinagkaloob sa kanya sa anumang lokasyong siniserbisyuhan ng Distrito. Hindi puputulin ang residensyal na serbisyo dahil sa hindi pagbabayad ng mga bill para sa hiwalay na hindi residensyal na serbisyo.

Sa residensyal na serbisyong ipinagkakaloob sa mga account ng mga ikatlong partidong nangungupahan (mga pang-isahang pamilya, pangmaramihang pamilya na residensyal na yunit, motel, atbp.), susubukan ng Distrito sa makatwirang paraan na tukuyin ang mga naturang account ng ikatlong partido mula sa impormasyong makukuha ng Distrito sa mga rekord nito, at, kung matutukoy iyon sa makatwirang paraan, ay hindi puputulin ang serbisyo para sa hindi pagbabayad sa account. Ang mga account na maling pinutol ay ibabalik pagkatapos ng pagpapatunay ng pangungupahan at ng responsibilidad ng nagpapaupa na magbayad.

Kung pinutol ang serbisyo at pinutol ng customer ang kandado sa metro o sa kung hindi ay nakialam sa mga pasilidad ng Distrito, babayaran ng customer ang aktwal na halaga ng pagpapaayos ngunit hindi bababa sa pinakamababang singil na itinakda ng Lupon ng mga Direktor (tingnan ang Ordinansa 4.1 para sa kasalukuyang pinakamababang singil).

#### 2.3.2.1. DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD NG MGA BILL

Alinsunod sa Kodigo ng Gobyerno ng California §§ 60373 at kasunod at sa Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan §§ 116900 at kasunod.:

**Mga bill na Dapat Bayaran.** Kapag ibinibigay buwan-buwan ang mga bill, ituturing ang mga ito na dapat nang bayaran kung hindi nabayaran sa loob ng 19 na araw mula sa petsa ng billing. Maaaring putulin ng Distrito ang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad ng delingkwenteng account maliban kung magbibigay muna ang Distrito ng:

- Pangalawang bill na may ipinasang halaga ng balanse mula sa unang bill;
- Isang abiso ng paalala na ipinadala sa o pagkatapos ng 45 araw mula sa petsa ng unang billing;

- Isang pagsusumikap na may mabuting layuning makipag-ugnay sa pamamagitan ng telepono o nang personal sa miyembro ng tirahan na nasa hustong gulang upang ipaliwanag ang mga probisyon sa 48-oras na abiso, at/o isang 48-oras na abiso ng pagputol na ihahatid sa customer o siniserbisyuhang address sa o pagkatapos ng 58 na araw mula sa petsa ng unang billing; at
- Hindi bababa sa 60 buong araw mula sa petsa ng unang billing para magbayad.

Upang maibalik ang serbisyo, dapat bayaran ng customer ang singil sa muling pagpapakonekta alinsunod sa Ordinansa 2.3.3.1, na anumang balanseng dapat bayaran, at maaaring atasang muling itatag ang kredit alinsunod sa Ordinansa 2.2.2.2.

Hindi puputulin ang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad sa anumang araw ng Sabado, Linggo, legal na holiday, o sa anumang oras kung saan ang mga tanggapan ng Distrito ay hindi bukas sa publiko.

### **2.3.2.2. DAHIL SA HINDI PAGSUNOD SA MGA TUNTUNIN**

Maaaring putulin ng Distrito ang serbisyo sa sinumang customer dahil sa paglabag sa mga tuntuning ito pagkatapos nitong mabigyan ang customer ng hindi bababa sa 5 araw ng nakasulat na abiso tungkol sa naturang layunin. Maaaring agad na putulin ang serbisyo nang walang abiso kung nanganganib ang kaligtasan ng mga system operator.

### **2.3.2.3. DAHIL SA PAG-AAKSAYA NG TUBIG**

Kung saan mayroong kapabayaan o mapag-aksayang paggamit ng tubig sa lugar ng customer, maaaring putulin ng Distrito ang serbisyo kung hindi naremedyuhan ang mga naturang gawi sa loob ng 48 oras pagkatapos nitong bigyan ang customer ng nakasulat na abiso.

Upang maprotektahan ito laban sa malubha at hindi kinakailangang pag-aaksaya o maling paggamit ng sistema ng pagkolekta ng maruming tubig, maaaring metruhan ng Distrito ang anumang pagdaloy ng maruming tubig at iangkop ang regular na naitatag na mga pangkomersyong singil mula sa Ordinansang namamahala sa mga singil sa maruming tubig kung saan ipinagpapatuloy ng customer ang maling paggamit ng maruming tubig nang lampas ng 48 oras pagkatapos mabigyan ng Distrito ang customer ng nakasulat na abiso upang remedyuhan ang mga naturang gawi.

### **2.3.2.4. DAHIL SA HINDI LIGTAS NA APARATO O KUNG SAAN ANG SERBISYO AY NAKAKASAMA O NAKAKASIRA SA DISTRITO O SA MGA CUSTOMER NITO**

Kung natagpuang umiiral ang hindi ligtas o mapanganib na kondisyon sa lugar ng customer, o kung ang paggamit ng tubig sa pamamagitan ng aparato, kasangkapan, kagamitan o sa ibang paraan ay natagpuang nakakasama o nakakasira sa Distrito o sa mga customer nito, maaaring putulin ang serbisyo nang walang abiso. Agad na aabisuhan ng Distrito ang customer ng tungkol sa mga dahil ng pagputol ng serbisyo at nagtatamang aksyong isasagawa ng customer bago maibalik ang serbisyo.

### **2.3.2.5. DAHIL SA MAPANLOKONG PAGGAMIT NG SERBISYO**

Kapag natuklasan ng Distrito na nakuha ng customer ang serbisyo sa mapanlokong paraan, o binago ang serbisyo para sa hindi awtorisadong paggamit, maaaring putulin ang serbisyo sa customer na iyon nang walang abiso. Hindi ibabalik ng Distrito ang serbisyo sa naturang customer hanggang sa sumunod ang customer sa lahat ng tuntunin at makatwirang iniaatas ng Distrito. Ibabalik sa Distrito ang buong halaga ng serbisyong ipinagkaloob at ang aktwal na naging ginastos ng Distrito dahil sa mapanlokong paggamit.

### **2.3.2.6. PAG-IWAS SA PAGPUTOL NG SERBISYO**

Ang sinumang customer, residensyal, pati na rin hindi residensyal, na

- sinimulan ang reklamo sa billing;
- humiling ng imbestigasyon sa loob ng 5 araw ng pagtanggap ng hindi sinasang-ayunang bill;
- humiling ng ekstensyon ng panahon ng pagbabayad bago ang pagputol ng serbisyo;

ay hindi mapuputulan ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad sa panahong nakabinbin ang anumang imbestigasyon ng Distrito.

#### **2.3.2.6.1. MGA REKLAMO SA BILLING, IMBESTIGASYON, AT PLANO NG PAUNTI-UNTING PAGBABAYAD**

Sa oras ng paghiling, bibigyan ang customer ng oportunidad para mapag-aralan ang kanilang account ng General Manager o Administrative Services Manager. Magiging kabilang sa pag-aaral ang konsiderasyon kung, alinsunod sa Kodigo ng Gobyerno § 60372(c), pahihintulutan ang customer na bayaran nang paunti-unti ang anumang hindi nabayarang balanse ng delingkwenteng account sa loob ng makatwirang haba ng panahon, na hindi lalampas ng 12 buwan. Kung matatagpuan sa imbestigasyon na ang 12-buwang plano ay magdudulot ng labis na kahirapan, maaaring maggawad ang General Manager o Administrative Services Manager ng mas mahabang panahon ng pagbabayad, alinsunod sa Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan § 116910(b)(2),

Hindi dapat putulin ang naturang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad para sa sinumang customer na sumusunod sa pinasok na kasunduan sa unti-unting pagbabayad na kasama ang Distrito, sa kondisyong pinapanatili rin ng customer nasa kasalukuyan ang kanyang account para sa serbisyo dahil naiipon ang mga singil sa bawat sumusunod na panahon ng billing. Kung hindi nakasunod ang customer sa kasunduan sa paunti-unting pagbabayad ng 60 araw o higit pa, puputulin ng Distrito ang serbisyo pagkatapos maipaskil ang abiso ng pagputol ng serbisyo sa tirahan ng limang araw bago nito.

Ang sinumang customer na may reklamo o kahilingan para sa imbestigasyong nagresulta sa negatibong pagpapasya ng General Manager ay maaaring iapela ang pagpapasya sa paraang nakasulat sa Lupon. Ang anumang susunod na apela sa hindi sinasang-ayunan o reklamo sa Lupon ay magiging alinsunod sa anumang patakarang pinagtibay ng Lupon na tungkol sa apela.

#### **2.3.2.6.2. MGA EKSTENSYON SA PAGBABAYAD**

Kung sa pagtanggap ng bill, abiso ng paalala, o 48-oras na abiso ng pagputol ng serbisyo, ay hindi makapagbayad ang residensyal na customer bago lumampas ang petsang itinakda, dapat siyang makipag-ugnay sa tanggapan ng Distrito bago ang panghuling petsang dapat magbayad upang gumawa ng mga kaayusan sa pagbabayad upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo. Kung, pagkatapos gumawa ng mga kaayusan sa pagbabayad, nalaman ng customer na hindi niya kayang magbayad sa napiling takdang petsa ng pagbabayad, maaaring tumawag ang customer at palitan ang petsa nang isang beses. Walang karagdagang ekstensyon ang ibibigay.

Ang mga customer na ini-amortize ang kanyang bill na dapat bayaran sa ilalim ng Kodigo ng Gobyerno § 60372(c), ay hindi pahihintulutan ng anumang mga karagdagang ekstensyon sa pagbabayad.

Kung, pagkatapos makipag-ugnay sa tanggapan ng Distrito, ang customer ay nagpahayag na hindi nito kayang magbayad, at hindi niya magagawang gumawa ng mga kaayusan sa pagbabayad sa

General Manager, maaari siyang sumulat sa Lupon ng mga Direktor ng Distrito upang gumawa ng hindi pormal na apela sa desisyon ng General Manager. Dapat isagawa ang nakasulat na apelang ito bago ang panghuling takdang petsa ng pagbabayad upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo.

Ang hindi pagsunod ng residensyal, pati na rin ng hindi residensyal na customer sa mga limit sa panahon gaya ng nakasaad sa itaas ay magresulta sa pagputol ng serbisyo nang walang karagdagang abiso.